# Overview of Early Intervention Dispute Resolution Processes for Families of Infants & Toddlers (Pangkalahatang-ideya ng mga Proseso sa Maagang Paglutas ng Alitan para sa mga Pamilya ng mga Sanggol at Maliliit na Bata) (Kapanganakan hanggang 3 Taong Gulang)

***Inangkop para sa Estado ng Washington mula sa Sentro para sa Tamang Paglutas ng Alitan sa Espesyal na Edukasyon***



CADRE (2018). Mabilis na Gabay ng CADRE sa mga Proseso sa Maagang Paglutas ng Alitan para sa mga Magulang ng mga Sanggol at Maliliit na Bata (Ipinanganak hanggang Edad 2), Eugene, Oregon, CADRE. Petsa ng Paglathala: Setyembre 2018.

| Processes (Mga proseso) | Mediation (Pamamagitan) | Administrative Complaint (Reklamong Administratibo) | Due Process Hearing (Pagdinig sa Legal na Proseso) |
|---|---|---|---|
| Paano Nagkakaiba ang mga Proseso | Isang boluntaryong proseso na nagtitipon sa mga tao kasama ang isang walang-kinikilingan, kwalipikado, at sanay na tagapagkasundo (mediator), na tumutulong sa kanila na mag-usap, magpahayag ng mga alalahanin, at magresolba ng mga hindi pagkakaintindihan. | Isang nakasulat na kahilingan na ginagamit para ipaalam na ang isang tagapagbigay ng serbisyo, ahensiyang tagapagbigay, pangunahing ahensiya ng estado, o iba pang pampublikong ahensiya ay hindi sumunod sa Bahagi C ng IDEA, at humihiling ng resolusyon mula sa estado. | Isang proseso na ginagamit upang resolbahin ang reklamo na isinampa ng isang magulang. |
| Mga Isyu at Kailan Ginagamit | Ginagamit sa tuwing may hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga magulang at Ahensiyang Tagapagbigay o Tagapagbigay ng Serbisyo kaugnay sa pagbibigay ng mga serbisyo sa ilalim ng Bahagi C ng IDEA. Maaaring hilingin anumang oras, kabilang na ang bago, o kapag mayroong kahilingan para sa pagdinig sa legal na proseso o reklamong administratibo na isinampa. | Ginagamit kapag may tanong kung ang mga alituntunin ng Bahagi C ng IDEA ay nasunod kaugnay sa isang partikular na sanggol/maliliit na bata at kanilang pamilya o mga isyu sa sistemang pang-estado. | Ginagamit para lutasin ang hindi pagkakaunawaan na may kaugnayan sa pagkakakilanlan, pagsusuri, o paglalagay ng isang sanggol o maliit na bata, o ang pagbibigay ng mga serbisyo ng maagang interbensyon sa bata at kanilang pamilya. |
| Sino ang Nagpapasimula | Ang isang miyembro ng pamilya, Tagapagbigay ng Serbisyo, Ahensiyang Tagapagbigay, at/o pampublikong ahensiya ay puwedeng humiling ng pamamagitan. Ang paglahok ay boluntaryo para sa lahat ng partido. | Sinumang tao o organisasyon, kahit isa mula sa ibang estado, ay puwedeng maghain ng reklamong administratibo. | Tanging ang magulang lang ang puwedeng maghain ng kahilingan para sa pagdinig sa legal na proseso. |
| Kinalabasan o Inaasahang Resulta | Isang nilagdaan, legal na maipapatupad, nakasulat na kasunduan. | Isang nakasulat na desisyon na may kasamang mga natuklasan at konklusyon, at nakalistang mga dahilan para sa huling desisyon. Kung may natuklasang hindi nasunod ang Bahagi C ng IDEA, kailangang kasama sa ulat ang mga kinakailangang hakbang para tugunan ang mga pangangailangan ng sanggol/maliit na bata at ng pamilya na may kaugnayan sa reklamo. | Nakasaad ang mga nakasulat na natuklasan ng mga katotohanan at mga desisyon. Ang desisyon ay puwedeng mag-utos ng partikular na mga hakbang na gagawin. |

| Processes (Mga proseso) | Mediation (Pamamagitan) | Administrative Complaint (Reklamong Administratibo) | Due Process Hearing (Pagdinig sa Legal na Proseso) |
|---|---|---|---|
| Mga Pagkakaiba sa Proseso | Ang mga talakayan sa pamamagitan ay kumpidensyal at hindi puwedeng gamiting ebidensya sa isang pagdinig sa legal na proseso o kasong sibil.<br><br>Ang pamamagitan ay isang nababagong proseso – maaaring maimpluwensyahan ng mga kalahok ang proseso at sa huli ay matukoy ang kalalabasan.<br><br>Hindi gumagawa ng mga desisyon ang tagapagkasundo (mediator). Lahat ng kalahok ay dapat sumang-ayon sa anumang desisyon sa isang napagkasunduang pamamagitan. | Ito ang tanging opsyon sa paglutas sa alitan na bukas para sa sinumang tao o organisasyon, kasama na ang mga walang kaugnayan sa bata.<br><br>Ang pinal na desisyon ay puwedeng magtaglay ng mga hakbang na partikular para sa bata o nauugnay sa mga isyu sa buong sistema.<br><br>May pagkakataon ang nagreklamo na magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga alalahanin. Maaaring ibigay ang impormasyong ito ng pasalita o nakasulat. | May karapatan ang mga magulang na kumuha ng isang nakasulat o electronic verbatim transcript ng pagdinig, na hindi dapat magkaroon ng anumang bayad para sa mga magulang.<br><br>Ang desisyon ng opisyal ng pagdinig ay maaaring iapela sa hukuman ng estado o pederal. |
| Mga Benepisyo | Kumpidensyal ang mga talakayan – ang anumang sinabi sa pamamagitan ay hindi puwedeng gamiting ebidensya sa pagdinig sa legal na proseso o kasong sibil.<br><br>Nag-aalok ng mas flexible, hindi gaanong magkasalungat na alternatibo sa mga nakasulat na reklamo sa estado o mga pagdinig para sa legal na proseso ng pagdinig ang pamamagitan.<br><br>Minsan, nakikipagtulungan ang mga kalahok sa tagapagkasundo para idisenyo ang proseso. Sa ilang mga kaso, puwedeng pumili nang sabay ang mga kalahok ng tagapagkasundo.<br><br>Makakatulong ang pamamagitan na lutasin ang hindi pagkakaunawaan nang mas mabilis kaysa sa mga nakasulat na reklamo sa estado o mga pagdinig para sa legal na proseso. | Dapat mag-isyu ng nakasulat na desisyon hindi lalampas ng 60 araw sa **kalendaryo** mula nang matanggap ang reklamo, maliban kung pinalawig ang takdang panahon dahil sa natatanging kalagayan ng partikular na reklamo.<br><br>Medyo madali ang maghain ng administratibong reklamo. | Nagbibigay ng pagkakataon para magpasya ang isang walang kinikilingang ikatlong partido sa mga isyu na hindi kayang lutasin ng mga partido ng mag-isa.<br><br>Mula sa petsa ng pag-file ng reklamo para sa karampatang proseso hanggang sa maging pinal ang desisyon, maliban kung may kasunduan ang tagapagbigay/pangunahing ahensya at mga magulang, dapat ipagpatuloy ng bata ang pagtanggap ng angkop na mga serbisyo ng maagang interbensyon sa setting na nakasaad sa IFSP na may pahintulot ng mga magulang.<br><br>Kung ang reklamo para sa karampatang proseso ay may kaugnayan sa aplikasyon para sa mga paunang serbisyo sa ilalim ng Bahagi C, dapat matanggap ng bata ang mga serbisyong walang alitan.<br><br>Maliban kung iapela, may legal na bisa ang desisyon ng opisyal ng pagdinig sa tagapagbigay/pangunahing ahensya ng estado at mga magulang. |



| Processes (Mga proseso) | Mediation (Pamamagitan) | Written State Complaint (Nakasulat na Reklamo ng Estado) | Due Process Hearing Request (Kahilingan para sa Pagdinig ng Proseso ng Batas) |
|---|---|---|---|
| Mga konsiderasyon | Ang pamamagitan ay boluntaryo, kaya't ang miyembro ng pamilya, tagapagbigay ng EIS, pangunahing ahensya at/o pampublikong ahensya ay kailangang sumang-ayon na lumahok.<br><br>Nakadepende sa mga kalahok kung may paglutas sa mga isyu, o kung magkakaroon ng kasunduan.<br><br>Maaaring mangailangan ng maraming sesyon ng pamamagitan ang mga kumplikadong sitwasyon para makabuo ng kasunduan.<br><br>Walang garantiya na magkakaroon ng nakasulat na kasunduan. | Ang tao o organisasyong naghahain ng reklamo ay kailangang magbigay ng mga katotohanan para suportahan ang alalahanin na hindi nasunod ang IDEA. Dapat lagdaan ang nakasulat na reklamo sa estado. **TANDAAN**: Kailangan ang pahintulot ng magulang para ilabas ang personal na makikilalang impormasyon sa ikatlong partido.<br><br>Hindi hinihingi ng prosesong ito na subukang lutasin ng mga sangkot ang alitan nang sama-sama. Gayunpaman, available ang pamamagitan anumang oras.<br><br>Hindi hinihiling ng IDEA ang mga estado na mag-alok ng proseso ng apela para sa nakasulat na desisyon. Kung pinapayagan ang apela, nananatili ang 60-araw na takdang panahon para sa pinal na desisyon. *Makipag-ugnayan sa pangunahing ahensya ng estado mo para sa mga puwedeng pagpipilian.* | Ginagawa ang desisyon ng opisyal ng pagdinig na:<br><br>• Hindi empleyado ng pangunahing ahensya o tagapagbigay ng serbisyo ng maagang interbensyon na sangkot sa pagbibigay ng serbisyo o pangangalaga sa bata.<br>• Walang personal o propesyonal na interes na magiging salungat sa kaniyang layunin sa pagpapatupad ng proseso.<br><br>Kung may apela sa desisyon ng opisyal ng pagdinig, hindi maaaring isagawa ang desisyon hangga't hindi natatapos ang apela.<br><br>Maaaring katawanin ng isang abogado ang pangunahing ahensya. Kung kukuha ng abogado ang magulang, ito ay sa sariling gastos ng magulang. |
| Tagagawa ng desisyon | Ang mga kalahok, kabilang ang magulang ng sanggol o maliit na bata, ay nagtutulungan sa pagbuo ng mga solusyon at kontrolado ang resulta. | Ang estado ang responsable sa pagtiyak na nalutas ang reklamo, at nagawa ang isang independiyenteng desisyon ukol sa reklamo. | Ginagamit para lutasin ang hindi pagkakaunawaan na may kaugnayan sa pagkakakilanlan, pagsusuri, o paglalagay ng isang sanggol o maliit na bata, o ang pagbibigay ng mga serbisyo ng maagang interbensyon sa bata at kanilang pamilya. |
| Tungkulin ng Third Party | Karaniwang ang **tagapagkasundo** ay:<br><br>• Tumutulong sa mga kalahok na bumuo ng mga tuntunin para sa sesyon.<br>• Lumilikha ng isang ligtas na kapaligiran at hinihimok ang mga kalahok na igalang ang ibang pananaw.<br>• Gumagabay sa talakayan sa pamamagitan ng pakikinig, pagtukoy ng mga interes, at paglilinaw ng mga alalahanin.<br>• Hindi gumagawa ng mga desisyon.<br>• May kaalaman sa mga batas na may kaugnayan sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. | Ang **imbestigador ng reklamo:**<br><br>• Sinusuri ang mga impormasyon na may kaugnayan sa reklamo.<br>• Maaaring mag-interview o makipagkita sa mga taong may kinalaman sa reklamo.<br>• Gumagawa ng mga natuklasan at pagpapasiya batay sa mga naaangkop na batas. | Ang **opisyal ng pagdinig:**<br><br>• Nangangasiwa sa takdang panahon ng pagdinig, kabilang ang lahat ng mga gawain bago ang pagdinig.<br>• Nagsasagawa ng pagdinig at namamahala sa mga bagay hinggil sa pamamaraan.<br>• Gumagamit ng naaangkop na batas para sumulat ng desisyon batay sa mga testimonya at iba pang ebidensya na ipinakilala sa pagdinig.<br>• Maaaring i-dismiss ang reklamo sa legal na proseso (hearing request) kung nalutas ang mga isyu bago ang pagdinig. |
| Takdang Panahon | Walang tinukoy na takdang panahon. Kailangang naka-iskedyul sa tamang panahon.<br><br>• Ang pamamagitan ay hindi puwedeng gamitin para ipagkait o ipagpaliban ang karapatan ng pamilya sa legal na proseso ng pagdinig, o ipagkait ang anumang ibang mga karapatan sa ilalim ng Bahagi C ng IDEA. | Ayon sa IDEA, ang mga nakasulat na reklamo ng estado ay kailangang isumite sa loob ng isang taon mula sa petsa kung kailan nalaman o dapat na nalaman ng indibidwal ang problema.<br><br>• Ang nakasulat na desisyon ay dapat ilabas nang hindi lalampas sa 60 araw sa **kalendaryo** mula sa petsa ng paghain ng reklamo, maliban kung pinalawig ang takdang panahon sa ilalim ng mga natatanging kalagayan o kung ang mga partido ay nagkasundong palawigin ang takdang panahon para makibahagi sa proseso ng pamamagitan. | Ang IDEA ay hindi nagtatakda ng limitasyon sa oras para sa paghahain. Mahalagang maghain sa tamang panahon para matiyak na ang iyong mga alalahanin ukol sa mga serbisyo para sa iyong anak ay matugunan kaagad.<br><br>• Dapat makumpleto ang pagdinig at mailabas ang desisyon ng pagdinig sa loob ng 30 araw sa **kalendaryo** mula sa petsa ng pagtanggap ng reklamo para sa legal na proseso. |

| Processes (Mga proseso) | Mediation (Pamamagitan) | Written State Complaint (Nakasulat na Reklamo ng Estado) | Due Process Hearing Request (Kahilingan para sa Pagdinig ng Proseso ng Batas) |
|---|---|---|---|
| Gastos sa Pananalapi/ Sino ang Nagbabayad | Walang gastos sa pamilya. Ang tagapagkasundo at mga pasilidad ay inilalaan mula sa kaban ng bayan. | Walang gastos sa pamilya. Ang imbestigasyon ay isinagawa, at ang desisyon ay inilalaan mula sa kaban ng bayan. | Ang pagdinig, opisyal sa pagdinig, mga pasilidad, at desisyon ay hindi dapat magkaroon ng anumang bayad para sa mga magulang.<br>Bawat partido ay nagbabayad ng sarili nitong mga gastos, na maaaring kasama ang mga bayad sa abogado at mga saksi. |
| Epekto sa Mga Relasyon | Ang tagapagkasundo ay maaaring makatulong sa mga kalahok na maging mas epektibo sa paglutas ng problema.<br>Mas mabuting komunikasyon at mas pinahusay na mga relasyon ang kadalasang resulta mula sa pamamagitan. | Ang prosesong ito ay hindi nakatuon sa mga relasyon. | Itinuturing na pinakamahirap na proseso ng paglutas ng alitan ang legal na proseso. |
| Paano Maghanda<br>Available ang mga karagdagang mapagkukunan sa website ng CADRE<br>**www.cadreworks.org** | Kapaki-pakinabang ito sa:<br>• Paggawa ng listahan ng mga isyung nais mong talakayin at mga tanong na nais mong itanong.<br>• Pag-iisip kung ano ang pinakamahalaga para sa mga pangangailangan ng iyong anak at pamilya.<br>• Pagkakaroon ng kahandaang makinig at maingat na pagsasaalang-alang ng mga ideya ng iba, pati ang mga posibleng solusyon.<br>• Pag-aayos ng mga dokumento, paglalagay ng petsa at mga tala, at pagdadala ng mga dagdag na kopya para maibahagi.<br>• Pagdadala ng mga materyales na maaaring makatulong para maipaliwanag o mabigyang-alam ang iba.<br>• Pag-iisip kung paano mo haharapin ang iyong emosyon sa panahon ng pagpupulong.<br>• Dumating ng maaga bago ang oras ng pagpupulong, para mayroon kang oras na maghanda at makilahok. | Ang taong naghain ng reklamo ay dapat:<br>• Isama ang lahat ng kinakailangang impormasyon para suportahan ang pag-aangkin na hindi nasunod ang IDEA noong inihain ang reklamo.<br>• Kasabay ng paghahain ng reklamo sa Estado, kailangang magbigay ang nagrereklamo ng kopya ng reklamo sa tagapagbigay ng EIS, pangunahing ahensya ng estado, o sa entity na iniireklamo.<br>• Tumugon sa lahat ng mga kahilingan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa reklamo sa tamang panahon.<br>Makakatulong kung aayusin ang lahat ng rekord at iba pang dokumento ng bata at maging handa na ipakita kung paano ipinapakita ng impormasyong ito na hindi nasunod ng ahensya ang mga kahilingan. | Kinakailangan ang sapat na paghahanda para maiharap nang maayos ang kaso.<br>Ang mga partido ay dapat na handa na gawin ang mga sumusunod para sa isang pagdinig:<br>• Magtipon at magpasa ng ebidensya<br>• Maghanda ng testimonya, listahan ng mga saksi, at iba pang mga dokumento para sa pagdinig<br>• Magtanong at pagtatanungin ang mga saksi<br>Pumipili ang mga partido kung kukuha ng abogado o hindi. Ang isang tao na hindi kinakatawan ng abogado ay maaaring tawaging "pro se." Ito ay isang terminong Latin na nangangahulugang kinakatawan ng tao ang kanyang sarili sa legal na paglilitis. |

Ang dokumentong ito ay ginawa ng CADRE sa ilalim ng U.S. Department of Education Office of Special Education Programs (Tanggapan ng mga Programa sa Espesyal na Edukasyon Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.) Kasunduan sa Pakikipagtulungan No. H326X130001. Si Tina Diamond, Ph.D., ang nagsilbing opisyal ng proyektor. Ang mga pananaw na ipinahayag dito ay hindi kinakailangang kumakatawan sa mga posisyon o patakaran ng U.S. Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng US). Walang opisyal na pag-endorso ng U.S. Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng US) sa anumang produkto, kalakal, serbisyo, o negosyong binanggit sa publikasyong ito ang nilalayon o dapat ipakahulugan. Ang produktong ito ay pampublikong domain. Ipinagkaloob ang awtorisasyon na kopyahin ito nang buo o bahagi. Bagaman hindi kinakailangan ang pahintulot na muling i-print ang publikasyong ito, ang pagbanggit ay dapat na: CADRE (2018). *Mabilis na Gabay ng CADRE sa mga Proseso sa Maagang Paglutas ng Alitan para sa mga Magulang ng mga Sanggol at Maliliit na Bata (Pagkapanganak hanggang Edad 2)*, Eugene, Oregon, CADRE. Petsa ng Paglathala: Setyembre 2018.

**Ang pangkalahatang-ideya na ito ay hindi nilayon na bigyang-kahulugan, baguhin, o palitan ang anumang mga patakaran ng IDEA Bahagi C na nagbibigay proteksyon o mga kahilingan ng batas ng pederal o estado.**

**Sentro para sa Tamang Paglutas ng Alitan sa Espesyal na Edukasyon:**

**(541) 359-4210** **cadre@directionservice.org** **www.cadreworks.org**

*Ang DCYF ay hindi nandidiskrimina at nagbibigay ito ng pantay na access sa mga programa at serbisyo nito para sa lahat ng tao kahit anong lahi, kulay, kasarian, relihiyon, paniniwala, katayuan sa pag-aasawa, bansang pinagmulan, katayuan sa pagkamamamayan o imigrasyon, edad, sekswal na oryentasyon o pagkakakilanlang kasarian, katayuang beterano o militar, katayuan bilang inang nagpapasuso, at pagkakaroon ng anumang pisikal, pandama at pangkaisipan na kapansanan, o nakakakilos sa tulong ng gabay na aso o hayop na serbisyo. Kung nais mong magkaroon ng mga libreng kopya ng publikasyong ito sa isang alternatibong format o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Pakikipag-ugnayan sa Sangay ng DCYF sa 1-800-723-4831 o mag-email sa* ***communications@dcyf.wa.gov***.

DCYF PUBLICATION FS_0089 TA (11-2024) Tagalog